# TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO
# LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO
# MGA TALA O MINUTES

**Isinagawa sa pamamagitan ng Videoconference o Komperensiya sa Pamamagitan ng Internet**
*(Nagkaloob ng pamamaraang makasali mula sa ibang lugar sa pamamagitan ng teleconference o komperensiya sa pamamagitan ng telepono)*
**www.sfgovtv.org**

## Disyembre 6, 2021 – 5:30 PM

## Regular na Pulong

**Mga Kasapi** Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, J. Michelle Pierce, Matthew Castillon, Arnold Townsend, Lily Ho, Raynell Cooper, Chasel Lee, Ditka Reiner

1. **Panawagan ukol sa Pagsisimula ng Pulong at Pagtatawag ng mga Pangalan ng mga Inaasahang Dumalo**

   *Nagpulong ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa espesyal na sesyon sa pamamagitan ng videoconferencing, at nagbigay ng mga komento ang publiko sa pamamagitan ng teleconference noong Lunes, Disyembre 6, 2021. Nanawagan ang Tagapangulo (Chair) na si Reverend Townsend ukol sa pagsisimula ng pulong nang 5:42 p.m.*

   *Sa pagtatawag ng mga pangalan ng mga inaasahan dumalo, naitalang naroroon sina Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Hernández Gil, Miyembro Pierce, Miyembro Castillon, Miyembro Townsend, Miyembro Ho, Miyembro Cooper, Miyembro Chasel Lee, at Miyembro Reiner. May sapat na bilang ng kinakailangan na naroroong miyembro upang maidaos ang pulong.*

2. **Pag-apruba sa mga Tala o Minutes mula sa Regular na Pulong noong Miyerkoles, Nobyembre 17, 2021**

   *Tinanong ni Tagapangulong Townsend kung mayroong gustong itama ang sinumang Miyembro sa mga Tala ng Regular na Pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito noong Nobyembre 17, 2021. Walang dapat itama.*

   *Mga Tagapagsalita: Wala.*

   **Gumawa ng mosyon si Miyembro Hernández Gil, at sumegunda si Miyembro Pierce, na APRUBAHAN ang mga Tala ng Regular na Pulong noong Nobyembre 17, 2021. Pinagtibay ang mosyon ng sumusunod na pagboto:**

   **Oo: 9**

**Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

3. **Resolusyon ukol sa Paggawa ng Pagsisiyasat at nang Mapahintulutan ang mga Pulong sa Pamamagitan ng Teleconference sa Ilalim ng Kodigo ng Gobyerno ng California (California Government Code), Seksiyon 54953(e)**

*Binasa ni Tagapangulong Townsend sa rekord ang mga dapat mapag-alaman upang maipagpatuloy ang pagpupulong sa pamamagitan ng teleconference sa ilalim ng Kodigo ng Gobyerno (Government Code), Seksiyon 54953(e).*

*Tagapagsalita: David Elliott Lewis (Tenderloin People's Congress o Konseho ng mga Mamamayan ng Tenderloin); nagsalita upang magbigay ng suporta sa resolusyon.*

**Gumawa ng mosyon si Miyembro Pierce, at sumegunda si Miyembro Chasel Lee, na PAGTIBAYIN ang Resolusyon. Pinagtibay ang mosyon ng sumusunod na pagboto:**

**Oo: 9**
**Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

4. **Bagong Impormasyon tungkol sa Pagmamapa**

*Seth Neill, Konsultant sa Muling Pagdidistrito (Q2 Data and Research); iniharap ang pinakabagong impormasyon ukol sa pagsisimula ng paggamit sa Kasangkapan sa Muling Pagdidistrito o Redistricting Tool ng San Francisco at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon. Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Board of Supervisors o Lupon ng mga Superbisor); Ana Flores, Katuwang na Abugado ng Lungsod o Deputy City Attorney (Office of the City Attorney o Opisina ng Abugado ng Lungsod), at sinagot ang mga itinanong sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Eileen Boken, Presidente (SPEAK: Sunset Parkside Education & Action Committee o Komite para sa Edukasyon at Aksiyon ng Sunset Parkside); nagkaloob ng mga detalye ukol sa burador o draft na mungkahi ng SPEAK para sa mga hangganan o boundary para sa Distrito 4; Curtis Bradford, Kasamang Tagapangulo (Tenderloin People's Congress); ibinahagi ang mga inaalala ukol sa pagiging madali o mahirap ng pagkakaroon at paggamit ng kasangkapan sa muling pagdidistrito o redistricting tool; Patrick Carroll (Diamond Heights Community Association o Asosasyon ng Komunidad ng Diamond Heights); ibinahagi ang mga inaalala ukol sa pagiging madali o mahirap ng pagkuha at paggamit ng user guide o gabay para sa gumagamit ng kasangkapan para sa muling pagdidistrito; Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco o Liga ng Kababaihang Botante ng San Francisco); ibinahagi ang magkakaparehong nararamdaman na sigasig para sa mga pagpapahusay sa pagpapatupad ng kasangkapan para sa muling pagdidistrito, at hiniling na ilagay ng Task Force sa mga pag-uusapan ang sesyon para sa pagsasanay sa paggamit nito; Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); ibinahagi ang mga inaalala ukol sa*

*pagpapatupad sa hinaharap ng kasangkapan para sa Mga Tinututukang Komunidad (Communities of Interest. COI) na nasa loob ng kasangkapan para sa muling pagdidistrito, at inirekomenda na pag-aralan ng Task Force ang pahina para sa mga komento ng publiko ng California Redistricting Commission (Komisyon para sa Muling Pagdidistrito ng California), bilang halimbawa ng matagumpay na pagkakaorganisa ng mga komento ng publiko; Sana Sethi (SF Rising); nagbahagi ng nararamdamang sigasig ukol sa pagpapatupad ng kasangkapan para sa muling pagdidistrito, hiniling na mas malinaw na ipakita ang pagkakalansan ng mga lugar na ginawan ng pagsesenso (census tract layers) at nasa loob ng kasangkapan, at ibinahagi rin ang obserbasyon na hindi pa lubusang naipatutupad ang gabay sa gumagamit upang madaling makuha at magamit ng mga nagsasalita ng ibang wika bukod sa Ingles; David Elliott Lewis (Tenderloin People's Congress); hiniling na baguhin ang kasangkapan sa muling pagdidistrito upang maipakita nito ang kasalukuyang mga hangganan o boundary sa pagitan ng mga distrito, at ibinahagi ang iba pang inaalala ukol sa mga karanasan ng gumagamit sa kasangkapan; David Hooper; hiniling na baguhin ang kasangkapan sa muling pagdidistrito upang maipakita ang kasalukuyang mga hangganan sa pagitan ng mga distrito; Steven Currier; ibinahagi ang iba't ibang inaalala kaugnay ng paggamit ng Task Force ng kasangkapan sa muling pagdidistrito upang magawa ang borador ng mapa ng mga distrito; David Pilpel; nagbigay ng komentaryo tungkol sa kanyang borador na mungkahi para sa mga hangganan ng mga distrito sa kabuuan ng lungsod, at nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng bagong impormasyon ukol sa pagmamapa.*

*Gumawa ng mosyon si Miyembro Jeremy Lee ukol sa pagtatanggal sa Farallon Islands mula sa mga ipinapakitang biswalisasyon na produkto ng kasangkapan sa muling pagdidistrito. Sinegundahan ito ng magiliw na pag-amyenda na iminungkahi ni Miyembro Pierce, kung saan sinabi niya na ang hindi pagsama sa ilang lugar ay puwede pang palawakin upang hindi na rin maipakita ang iba pang isla na walang nakitirang tao at matatagpuan sa County ng San Francisco. Bago ang pagtatawag ng mga pangalan para sa pagboto ukol sa mosyon, binawi nina Miyembro Jeremy Lee at Pierce ang kani-kanilang mosyon, at hindi na nagtawag ng mga pangalan para sa pagboto ukol sa mosyon.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**5. Pinakabagong Impormasyon ukol sa Plano para sa Pag-abot sa Nakararami**

*Nagharap sina Lisbet Sunshine at Abraham Vallin (Civic Edge Consulting) ng naka-power point na presentasyon ukol sa nabago nang Plano para sa Pag-abot sa Nakararami (Outreach Plan) kasama na ang nabago nang tunguhin at iskedyul ng mga gawain o timeline para sa pag-abot sa nakararami. Iniharap ni Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Office of the Clerk of the Board) ang kasunod na impormasyon magmula noong isinaad ang bagay na ito sa mga pinag-usapan, at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: David Elliott Lewis (Tenderloin People's Congress); ibinahagi ang mga inaalala ukol sa pagiging madali o mahirap ng pag-abot sa nakararami sa*

*pamamagitan ng internet, at nagmungkahi ng stratehiya para sa pag-abot sa nakararami kasama na ang paglalathala sa mga diyaryong nakaaabot sa mga lokal na Komunidad ng San Francisco; Patrick Carroll (Diamond Heights Community Association o Asosasyon ng Komunidad ng Diamond Heights); nakipag-ugnay sa ngalan ng kanyang asosasyon sa komunidad upang makatulong sa mga serbisyo ng pag-abot sa mas nakararami sa lugar ng Diamond Heights; Tina Aguirre (Castro LGBTQ Cultural District o LGBTQ na Pangkulturang Distrito ng Castro); iminungkahi na makipagtrabaho ang mga konsultant sa pag-abot sa nakararami sa ilang pangkulturang distrito ng lungsod para sa lokal na pag-abot sa nakararami; Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); iminungkahi na isama sa stratehiya ng pag-abot sa nakararami ang pakikipag-ugnay sa mga grupong impormal na naoorganisa at hindi miyembro ng mga lokal na sibikong organisasyon; R J Sloane; iminungkahi na magtuon ang Task Force sa pagkuha ng opinyon ng komunidad at sagutin ang mga nagbigay ng komento; David Pilpel; iminungkahi na sukatin ang tagumpay ng pag-abot sa nakararami sa pamamagitan ng dami ng komentaryong natatanggap ng Task Force, at hindi kinakailangang gawing sukatan ang pagdami ng dumadalo sa pulong ng Task Force; Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); ibinahagi ang mga inaalala ukol sa pagiging madali o mahirap ng pag-abot sa nakararami sa pamamagitan ng internet, at iminungkahi na isaalang-alang ng Task Force ang pagkakaroon ng form para sa mga opinyon ng mga Tinututukang Komunidad (Communities of Interest, COI), na puwedeng kompletuhin at ibalik ng mga interesadong partido; Steven Currier; ibinahagi ang mga inaalala ukol sa pagiging madali o mahirap ng pag-abot sa nakararami sa pamamagitan ng internet; Mary Harris; iminungkahi na isama sa stratehiya sa pag-abot sa nakararami ang pagkontak sa Invest Black and OMI Community Collaborative Groups (Mga Grupong may Kolaborasyon na Mamuhunan sa Itim at OMI na Komunidad) na nasa loob ng Distrito 11; Cheryl Thornton; iminungkahi na maglaan ng mas maraming pera para sa pag-abot sa nakararami, lalo na sa kabataan na nasa mga komunidad na muling madidistrito.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**6. Iskedyul ng mga Gawain o Timeline/Kalendaryo ng mga Gawain/Tungkulin na Dapat Makompleto:**

*Ana Flores, Katuwang na Abugado ng Lungsod (Office of the City Attorney), Angela Calvillo, Klerk ng Lupon (Office of the Clerk of the Board), nagbigay ng maikling pananalita sa Task Force ukol sa mga tungkulin at gawain na ipatutupad pa lamang ng Task Force, at sinagot ang mga itinanong sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: Steven Currier; nagsalita bilang pagsuporta sa pagtataguyod ng pampubliko at harap-harapang mga pulong sa loob ng Distrito para sa Task Force; Lauren Girardin (League of Women Voters San Francisco); nagsalita bilang pagsuporta sa pagtataguyod ng magkasama o hybrid na pampubliko at harap-harapan at online na mga pulong para sa Task Force; at David Pilpel; nagsalita bilang pagsuporta sa pagtataguyod ng magkasama o hybrid na pampubliko at harap-harapan at online na mga pulong para sa Task Force.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**7. Mga Plano para sa Pagtatrabaho (Work Plan) ng Task Force**

*Iniharap ni Pangalawang Tagapangulo Reiner ang mungkahing plano para sa pagtatrabaho, kung saan tinalakay sa mga indibidwal na miyembro ng Task Force ang mga gawain na partikular na may kaugnayan sa Task Force, ayon sa mga sumusunod:*

*Si Miyembro Ho ang makikipag-ugnay sa mga konsultant para sa pag-abot sa nakararami at mamamahala sa pagpapalahok sa mga grupo ng magkakalapit-bahay, kung saan may espesyal na pagtutuon sa komunidad ng mga Asyano Amerikano at taga-Isla Pasipiko; si Miyembro Hernández Gil ang makikipag-ugnay sa mga konsultant para sa pag-abot sa nakararami at mamamahala sa pagpapalahok sa mga grupo ng magkakalapit-bahay, kung saan may espesyal na pagtutuon sa Latino at Hispaniko na mga komunidad; si Miyembro Cooper ang magtutuon at makikipag-ugnay sa pag-abot sa mas nakararami sa social media, para sa Twitter at Facebook, at sa website ng RTF; si Miyembro Castillon ang makikipagtrabaho sa mga konsultant, sa website, at sa publiko, para sa pagsubaybay at pag-aaral sa datos/mga mapa na isusumite ng Task Force, ng publiko, at ng mga Departamento ng Lungsod; si Miyembro Jeremy Lee ang makikipagtrabaho sa opisina ng Klerk at sa Departamento ng mga Eleksiyon (Department of Elections) ayon sa kinakailangan, at nang makatulong sa pakikipag-ugnay ukol sa mga problemang patungkol sa nasa badyet, pati na rin sa anumang pag-abot sa mas nakararami sa komunidad; si Miyembro Pierce ang mangangalap ng mga opinyon mula sa komunidad at makikipag-ugnay ukol dito, direkta man o sa pakikipagtrabaho kay Miyembro Cooper sa pamamagitan ng website, at pati na rin sa pag-abot sa mas nakararami sa Aprikano Amerikano/itim na komunidad; si Miyembro Chasel Lee ang makikipag-ugnay ukol sa pagbibigay ng mga mensahe, presentasyon, at pakikipagkomunikasyon para sa mga pulong ukol sa pag-abot sa nakararami, sa media at sa Board of Supervisors; Si Tagapangulo Townsend ang mamumuno bilang embahador at kinatawan ng Task Force at posibleng hilingin niya sa iba pang miyembro na gumawa ng mga presentasyon sa mga organisasyong nasa labas ng mga pulong ng Task Force batay sa pangangailangan; si Pangalawang Tagapangulo Reiner ang susuporta sa Tagapangulo at tutulong sa mga miyembro at sa kani-kanilang takdang gawain.*

*Mga Tagapagsalita: David Pilpel; Jen Tse (League of Women Voters San Francisco); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng pinag-uusapan sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**8. Komento ng Pangkalahatang Publiko**

*Mga Tagapagsalita: David Elliott Lewis (Tenderloin People's Congress); humiling ng mga pagpapahusay para sa kagamitan sa muling pagdidistrito at iminungkahi na gumamit ang Task Force ng iba't ibang pamamaraan para sa pag-abot sa nakararami; Curtis Bradford, Kasamang Tagapangulo o Co-Chair (Tenderloin People's Congress);*

*ipinahayag na iisang komunidad lamang ang Tenderloin at ang Central SoMa at hiniling na mapanatiling magkasama ang mga ito sa kabuuan ng proseso ng muling pagdidistrito; Cheryl Thornton; ibinahagi ang mga inaalala ukol sa mga epektong knock-on (hindi direkta o natitipon) ng muling pagdidistrito sa iba't ibang institusyon sa loob ng mga distrito, lalo na iyong may kaugnayan sa badyet ng pampublikong ahensiya at pangkat ng komunidad.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**9. Mga Bagay na Pag-uusapan sa Hinaharap**

*Tinalakay ng mga miyembro ang posibleng mga pag-usapan sa hinaharap ayon sa mga sumusunod:*

- *Isang bagay o item na dapat talakayin ukol sa opisyal na mga stratehiya para sa pagpapatunay, at nang makumpirma ang katayuan sa pagpapabakuna ng mga dadalo sa posibleng harap-harapan na pulong sa loob ng distrito; at*
- *Isang bagay na dapat talakayin na magrerepaso sa sekondaryong mga epekto ng muling pagdidistrito sa pagbabadyet para sa mga institusyong nasa komunidad.*

*Mga Tagapagsalita: David Elliott Lewis; Steven Currier; Cheryl Thornton; nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usapin sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Tagapangulo Townsend ang usapin na napakinggan na at naisama sa mga rekord.*

**10. Pagtatapos ng Pulong**

*Dahil wala nang iba pang pag-uusapan, natapos ang pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa oras na 8:53 p.m.*

*Pakatandaan (N.B). Itinatakda ng mga Tala ng pulong na ito ang lahat ng aksiyong isasagawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito na nauukol sa mga usaping nakasaad, pero hindi kinakailangang naaayon sa pagkakasunod-sunod ng pagtalakay sa mga usaping ito sa pulong.*

**INAPRUBAHAN: Enero 3, 2022**
**Task Force para sa Muling Pagdidistrito**